GALING POOK

By Gary Granada
January 4, 2008

Ang aming adhikain
Ay simple lang naman
Sapat sa pangunahing
Mga pangangailangan

Saan mahahagilap
Ang mga munting pangarap
Makaigpaw sa hirap
Maalwang hinaharap

Sa punyagi at kusa
Munting pamayanan
Sa husay kinilala
Umani ng karangalan

Kayraming nagsasabing
Ang galing galing daw namin
Saan ba nanggagaling
Ano ba'ng anting-anting?

Simple lang yan
Kaya mo yan, bay!

Sa malikhaing paraan, sa paraang malikhain
Kasama ang mamamayan, mamamaya'y pagsamahin
Pagbabago na lantad, lantad na pagbabago
Tuloy-tuloy na pag-unlad, tuloy-tuloy na pag-asenso

Sa dami ng balakid
Sa dami ng hadlang
Ang diwang nalulupig
Nagtitiis na lang
Ngunit huwag kang papayag
Huwag kang pabubuway
Tadhanang ating palad
Nasa ating kamay

Chorus counterpoint:
Galing Pook…

Rap:

1.

Ang sabi ng iba, ang galing ng Pilipino
Magaling na mang-isa, mandaraya, manloloko
Ang sakit sa tenga, kahit di mo matanggap
Ganyan daw talaga, yan ang sabi ng lahat

Subalit doon sa aming mumunting komunidad
Namayani ang maraming kabutihan ang hangad
Pinaghusay ang lokal na gobyernong niluklok
Pinagpala't natanghal na isang Galing Pook!

2.

Ang sabi ng marami, Pilipino ay tamad
Walang respeto sa sarili, dangal at dignidad
Palakasang palasak, boto na nilalako
Lider na nagbubuhat ng sarili ring bangko

Di man maikakaila ay huwag nating lahatin
Di mo rin maitatatwa, di man sukat akalain
Magandang mga balita sa mga suluk-sulok
Kayraming halimbawa ng mga Galing Pook

Gawad Galing Pook